タガログ語：ゆうちょ銀行とお取引をされる外国人のお客さまへ

Para sa mga dayuhang customer na nakikipag-transaksyon sa Yucho Bank

■ Sa pagbubukas ng account o paggawa ng iba't ibang proseso, ipakita ang iyong Residence Card sa empleyado para sa kumpirmasyon ng iyong nasyonalidad, visa status, panahon ng pananatili, atbp.

※ Ipaalam sa amin tuwing magpoproseso kung inupdate mo ang iyong Residence Card.

※ Ang mga diplomat atbp. na hindi binigyan ng Residence Card ay hindi kailangang ipakita ito.

■ Hindi ka makakapagbukas ng account kung ang iyong panahon ng pananatili ay magtatapos sa loob ng 3 buwan mula sa petsa na nag-apply ka para sa pagbubukas ng account.

Kung plano na patuloy na manatili sa Japan, mag-apply sa pagbubukas ng account gamit ang bagong Residence Card pagkatapos i-renew ang iyong panahon ng pananatili.

※ Hindi ka makakapagbukas ng account sa Yucho Bank o sa post office kung ang iyong panahon ng pananatili sa panahon ng pagpasok sa bansa ay hindi lalagpas sa 3 buwan at hindi ka nabigyan ng Residence Card.

※ Kung ikaw ay nasa proseso ng pag-renew ng iyong visa status o panahon ng pananatili, dalhin ang iyong bagong Residence Card pagkatapos ng renewal.

■ Ipakita ang iyong Student ID, Employee ID, atbp.

Kung ang iyong visa status ay “留学(Studying Abroad)” o “技能実習(Technical Internship)”, ipakita ang iyong Student ID, Employee ID atbp kasama ang iyong Residence Card para sa kumpirmasyon na ikaw ay pumapasok sa paaralan o nagtatrabaho sa kumpanya.

※ Maaaring tumawag ang Yucho Bank o ang post office sa iyong paaralan o kumpanya.

■ Maaaring umabot nang ilang oras ang pagbubukas ng account.

Dahil sa iba't ibang mga kumpirmasyon na ayon sa mga kaugnay na batas at regulasyon, maaaring hindi kami makapagbukas ng account sa araw ng pagtanggap at ang passbook ay maaaring ipadala sa bahay ng customer sa ibang araw.

Sa ibang sitwasyon, maaari kaming tumanggi sa pagbubukas ng iyong account.

■ Iba pang mga paalala

- Hihingi kami ng mga kopya ng mga ID na ibibigay mo.
- **Kung ang iyong address o pangalan ay nagbago o ang iyong Residence Card ay na-update, dalhin ang bagong Residence Card at kumpletuhin kaagad ang pagproseso sa counter.**
- **Kung walang notification, maaaring pansamantalang malimitahan ang mga transaksyon.**
- Abisuhan kaagad ang counter kung ikaw ay rehistrado bilang non-resident at binago ito para maging isang resident.
- **Tiyakin na ipasara ang iyong account kapag ikaw ay uuwi na sa iyong bansa o lilipat na sa labas ng Japan.**
- **Isang krimen ang maglipat, bumili o magbenta ng account (passbook, cash card)** para sa layuning ipagamit ito sa isang third party. **Huwag kailanman gawin ito.**

Likod



Harap

Source: Immigration Services Agency website

【改正年月日：2024. 10. 1】